NCAPA COVID-19 Resource:

Economic Injury Disaster Loan (EIDL)

Updated 4/23/2020
AAPIERN.ORG

Kamakailan lamang ay nakatanggap ang Small Business Administration (SBA) Economic Injury Disaster Loan (EIDL) ng karagdagang $50 bilyong dolyar na pondo, na nagbibigay sa kanila ng kapasidad na magpautang pa ng $350 bilyong dolyar at karagdagan pang $10 bilyong dolyar para sa EIDL Emergency Advance Grants.[1]

IMPORMASYON UKOL SA PAUTANG:

- Ang pautang na ito (hanggang $2 milyon) ay maaring gamitin para sa mga gastusing mailalaan sana kung hindi nangyari ang kalamidad, kasama na ang mga utang tulad ng upa at mortgage o sangla, utilities, suweldo at iba pang bayarin. Hindi pwedeng gamitin ito para sa refinancing.
- Ang interes ay 3.75% para sa mga maliit na negosyo at 2.75% para sa mga NGO.
- Kasama ang posibleng hanggang $10,000 emergency advance sa pautang. Itong advance na ito ay hindi kailangang bayaran kahit ano pang mangyari. Ang ibang utang lampas dito ay dapat bayaran.[2]
- Ang hindi mapapatawad na utang ay puwedeng bayaran sa loob ng 30 na taon. Ang unang buwan ng pagbayad ay nakaschedule isang buong taon mula sa petsa ng promissory note.
- Walang gastos sa pag-apply.

ANG MGA MAKAKASALI [3]:

- Dapat ay nakataguyod na ang negosyo nung ika 31 ng Enero 2020
- Maliit na negosyo na hindi lalampas na 500 ang empleyado
- Mga Coop, ESOP at maliit na negosyong tribal na may hindi hihigit sa 500 na empleyado
- Mga kontraktor
- Mga may sariling negosyo
- Halos lahat ng NGO (kasama ang mga 501c3 organizations)

PAANO MAG-APPLY:

- Paramag-apply sa EIDL: **Economic Injury Disaster Loan**
- Para makuha ang bali o advance, kailangan munang mag-apply sa EIDL, tapos i-icheck ang box sa application form upang humingi ng advance.[4]
- Siguraduhing magsumite sa lalong madaling panahon dahil may nakalaan lamang na pondo para sa programang ito.

NCAPA COVID-19 TASKFORCE

NATIONAL CAPACD

Source:

1. https://smallbusiness.house.gov/uploadedfiles/ppp_and_health_care_enhancement_act_top_line_summary.pdf
2. https://www.sbc.senate.gov/public/_cache/files/2/9/29fc1ae7-879a-4de0-97d5-ab0a0cb558c8/1BC9E5AB74965E686FC6EBC019EC358F.the-small-business-owner-s-guide-to-the-cares-act-final-.pdf
3. https://www.uschamber.com/sites/default/files/uscc_covid19_sb-economic-injury-disaster-loans.pdf
4. https://www.sbc.senate.gov/public/_cache/files/2/9/29fc1ae7-879a-4de0-97d5-ab0a0cb558c8/1BC9E5AB74965E686FC6EBC019EC358F.the-small-business-owner-s-guide-to-the-cares-act-final-.pdf